## Ginawa ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ang toolkit ng social media na ito upang suportahan ang edukasyon ng mga botante at outreach sa komunidad para sa Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito.

Tinitiyak ng toolkit na ito ang kasalukuyan at tamang pagmemensahe mula sa pinagkakatiwalaang source. Ang toolkit na ito ay naglalaman ng impormasyon at mga iminungkahing mensahe para sa **Ika-7 ng Nobyembre, 2023, Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito**. Ang lahat ng iminungkahing mensahe at graphics ay available para magamit sa social media at mga webpage.

## Impormasyon sa Eleksyon

Itong espesyal na pangkalahatang eleksyon ay upang punan ang bakanteng puwesto sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ng County para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2027. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa Distrito 4 ang karapat-dapat na lumahok sa eleksyon.

Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Distrito 4 ay makakatanggap ng balota sa koreo sa linggo ng Ika-8 ng Oktubre para sa espesyal na pangkalahatang eleksyon.

**Narito ang inyong mga opsyon sa pagboto:**

- Maaari ninyong kumpletuhin ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service. Ang inyong pirma ay kinakailangan para mabilang ang inyong boto!
- Simula Martes, Ika-10 ng Oktubre, magkakaroon kayo ng karagdagang opsyon na ihulog ang inyong balota sa aliman mga opisyal na ballot drop box na matatagpuan sa buong county.
- Kung mas nais ninyong bumoto nang personal, ang opsyon na iyon ay available din. Iwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng mabuting paggamit ng benepisyo sa isa sa sampung araw ng maagang pagboto nang personal!
    - Simula sa Sabado, Ika-28 ng Oktubre, mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-7 ng Nobyembre, kung saan piling mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Kasama sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ang mga sumusunod na lugar: Alta Vista, Azalea Park, Balboa Park, Bankers Hill, Bay Park, Bay Terraces, Birdland, Broadway Heights, Casa de Oro - Mount Helix, Chollas Creek, Chollas View, City Heights, City of La Mesa, City of Lemon Grove, Civita, Clairemont Mesa,

College Area, El Cerrito, Emerald Hills, Encanto, Hillcrest, Kensington-Talmadge, Lincoln Park, Linda Vista, Lomita Village, Mid-City, Middletown, Mission Hills, Mission Valley, Montezuma Mesa-SDSU, Morena, Normal Heights, North Bay Terraces, North Clairemont, North Park, Oak Park, Old Town, Paradise Hills, Portions of Grantville, Portions of Kearny Mesa, Portions of Spring Valley, Rancho San Diego, Rolando, Serra Mesa, Skyline, University Heights, Valencia Park, at Webster.

**Hindi sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 4?** I-click dito upang malaman.

## Pagmemensahe sa Social Media

I-follow ang **@sdvote** sa Twitter para sa mga update at siguraduhing gamitin ang **#SDVOTE** na hashtag!

**Mga Mensaheng Proactive (ngayon – Araw ng Eleksyon, Ika-7 ng Nobyembre)**

- Maging isang impormadong botante! Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay ang opisyal na source para sa impormasyon sa eleksyon. Bisitahin ang sdvote.com upang matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre. #SDVOTE

- Ang boto ninyo ay ang boses ninyo! Gusto niyo bang bumoto sa darating na espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre? Dapat kayong nakarehistro upang bumoto at nakatira sa Distrito 4. Hindi sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 4? Alamin dito: www.sdvote.com/content/rov/tl/elec-rep-info-lookup.html

**Mga Mensahe sa Pagpaparehistro ng Botante (ngayon – Ika-23 ng Oktubre)**

- Kung nakatira kayo sa Distrito 4 at gustong bumoto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre, dapat kayong magparehistro upang makaboto bago mag Ika-23 ng Oktubre para makatanggap ng balota sa koreo. Magsisimulang lumabas ang mga balota sa linggo ng Ika-8 ng Oktubre. Matuto nang higit pa sa sdvote.com.

- Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Distrito 4 ay makakatanggap ng balota sa koreo sa linggo ng Ika-8 ng Oktubre para sa espesyal na pangkalahatang eleksyon. Hindi sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 4? Alamin dito: www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Pagboto sa Koreo (magsisimula sa Ika-10 ng Oktubre)**

- Mga botante sa Distrito 4: hindi na ninyo kailangang maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto! Huwag magpahuli, ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, walang bayad ang selyo, o sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong county. Hanapin ang lokasyong malapit sa inyo: www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

- Iparinig ang inyong boses! Kayo ba ay residente ng Distrito 4 at gustong bumoto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon? Bumoto ngayon! Matuto nang higit pa tungkol sa inyong mga opsyon sa pagboto: http://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Pagboto nang Maaga** **(magsisimula sa Ika-28 ng Oktubre)**

- Mga botante sa Distrito 4: mayroon kayong ilang secure na mga opsyon sa kung paano ninyo ibabalik ang inyong balota para sa espesyal na pangkalahatang eleksyon. Ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, o sa alinmang ballot drop box o vote center. Matuto nang higit pa tungkol sa inyong mga opsyon sa pagboto: http://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

- Mga botante sa Distrito 4: iwasan ang mahahabang pila at bumoto nang maaga! Kung gusto ninyong bumoto nang personal, maaari kayong bumisita sa alinmang vote center simula Ika-28 ng Oktubre. Hanapin ang lokasyong malapit sa inyo: www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Araw ng Eleksyon** **(ang mga oras ng pagboto sa Araw ng Eleksyon ay mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi)**

- Mga botante sa Distrito 4: ito ang huling araw para bumoto! Iparinig ang inyong boses. Lahat ng mga vote center at mga ballot drop box ay bukas sa buong distrito hanggang ngayong ika-8 ng gabi. Hanapin ang lokasyong malapit sa inyo: www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

- Mga botante sa Distrito 4: huwag magpahuli! May oras pa para bumoto. Bumoto ngayon bago mag ika-8 ng gabi. Hanapin ang vote center na malapit sa inyo: www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html